

Alamin ang tungkol sa Ulat ng Equity




Ang Equity ay Nasa Puso ng Sistema ng Pananagutan ng California

Tinutukoy ng Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ang mga agwat sa pagganap ng mga grupo ng mag-aaral sa pamamagitan ng Ulat ng Equity na ito, na available para sa bawat pagsukat ng estado. Makikita sa mga ulat na ito ang tagumpay at hamon na nararanasan ng mga opisina, distrito, at paaralan sa county sa pagtugon sa mga pagkakaiba. Itinatampok din nila ang mga paaralang nagpapatupad ng mga magagandang kasanayan na tumutulong para mapaliit ang agwat ng pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo ng mag-aaral.

Iniuulat ng Dashboard ang pagganap para sa 14 na grupo ng mga estudyante. Ang Ulat ng Equity ay nagpapakita ng bilang ng pangkat ng mag-aaral na inilagay sa bawat Antas ng Pagganap para sa isang partikular na panukala ng estado. Tandaan na dahil ang English Learner Progress Indicator (ELPI) ay kinabibilangan lamang ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral—mga English Learner at mga Long-Term English Learner (LTEL)—ang Ulat ng Equity ay limitado lamang sa pangkat ng mga mag-aaral na LTEL.

Tinutukoy ang Ulat ng Equity sa may ibabang bahagi ng lahat ng Dashboard Indicator Card. Ang halimbawa ng Ulat ng Equity ng mag-aaral na naibigay ay nagpapakita na ang isang grupo ng mag-aaral ay nakatanggap ng Pula (pinakamababang pagganap), pitong mag-aaral na nakatanggap ng Kahel, tatlong grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Dilaw, dalawang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Berde, at isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Asul (pinakamataas na pagganap).

Iniuulat ng Dashboard ang mga partikular na grupo ng estudyante ayon sa kinakailangan sa Seksyon 52052(a)(2) ng *Kodigo sa Edukasyon* ng California:



Lahi/Etnisidad:

- African American
- American Indian
- Asian
- Pilipino
- Hispanic
- Pacific Islander
- White
- Dalawa o Higit pang Lahi

Pakikilahok sa Programa:

- English Learner
- Long-Term English Learner
- Mababang Katayuan sa Lipunan at Ekonomiya
- Foster Youth
- Mag-aaral na may Kapansanan
- Walang Tirahan

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [California Department of Education California School Dashboard and System of Support web page](#).

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.



Agosto 2026